Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN.

Inihain din ni Kag. Perez ang nagiging suliranin ng patuloy na pagbaha sanhi ng pagtatayo ng mga subdibisyon. Sinabi ni G. Amador na bagama't ang kanilang tanggapan ang namamahala ng mga padaluyang tubig ay wala silang magawa sapagka't ang pagpapaunlad ng mga pamahayan ay di nagdaraan sa kanilang tanggapan. Ipinayo ng Punong-bayan na ihabla na lamang ang mga may-ari ng mga subdibisyon na nagsara o nagtabon ng mga dati ng padaluyan upang kanilang gawaan ng paraan ang pagbuhay na muli ng mga nabanggit.

Hinggil naman sa suliranin ng Tiosejo Realty na humihiling sa Sangguniang Bayan ng pagpabagong-gamit ng lupain ay ipinaliwanag ng Punong-bayan na hinihiling nila sa Tiosejo na hilingin muna ang pagtitibay ng NIA hinggil sa paggamit ng NIA Road upang kanila itong magamit na ayon naman sa humihiling ay kanila pang pag-aari at hindi pa napapalipat sa NIA. Ipinaliwanag ni G. Amador na ang dahilan ng di pagkakalipat ng pag-aari ay sapagka't nagka-roon ng pagkukulang ang mga dating may-ari na ng malamang maliit lamang ang magiging kabayaran sa lupain ay hindi na tumugon sa mga hinihiling na papeles.

Matapos mahiling ng punong-bayan na mabukaan na ang banyo ng Ilog Bungo, si G. Amador ay pinasalamatan ng kapulungan sa kanyang pagdalo sa pulong.

************

KAUTUSANG BAYAN BLG. VII-'91
(Sa mungkahi ni Pang. Punong-bayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang DALAWAMPUNG LIBONG PISO (₱20,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa pagbili ng isang (1) yunit na Air Conditioner para sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan at ng Pambayang Kalihim.

Ang palaan para sa kautusang ito ay magmumula sa "unappropriated balance of 1991 Budget".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY

APPROVED:
RESOLUTION No. 262-'91
PROVINCIAL BOARD
Mayo 2, 1991

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

*************

Hinggil naman sa kahilingan ni Gng. Sixta Alibudbud na magamit ang daan ng Pambayang Libingan upang maging

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. FUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO G. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad